Ang Illinois State Seal of Biliteracy

Gabay para sa mga Magulang

Marunong ba ang inyong anak ng ibang wika maliban sa Ingles? Maaaring kwalipikado sila para sa parangal na ito. Paano nila maipapakita ang kanilang kahusayan sa wika?

Ano ang State Seal of Biliteracy?

Ang Illinois State Seal of Biliteracy (Selyo) ay isang parangal sa pagtatapos na maaaring igawad sa mga mag-aaral na nakamit ang mataas na antas ng kahusayan sa Ingles at sa kahit isang wika maliban sa Ingles (LOTE, language other than English). Ang Selyo ay opisyal na nakatala sa transcript ng mag-aaral at nakalimbag bilang isang grapiko sa kanilang diploma.

Sino ang maaaring makakuha ng Selyo?

Ang parangal na ito ay inilaan para sa lahat ng magtatapos ng high school sa Illinois na makapagpapatunay ng kinakailangang antas ng kahusayan sa wika. Walang kinakailangang partikular na kurso o minimum na oras ng pag-upo sa klase. Ang parangal na ito ay sumisimbolo sa kakayahang makipagkomunikasyon sa Ingles at isang LOTE, kahit paano o kailan nakamit ang kahusayan sa Ingles o sa LOTE.

Paano nakukuha ang Selyo?

Ang paaralan kung saan magtatapos ang inyong anak ang naggagawad ng Selyo bilang parangal sa pagtatapos. Sa Baitang 9-12, maaaring ipakita ng inyong anak ang kanilang kahusayan sa Ingles at isang LOTE sa pamamagitan ng alinman sa mga pagtatasa na inaprubahan ng estado. Hindi nila kailangang subukin ang isang wika bago ang isa pa.

Nais ng karagdagang impormasyon?

Bisitahin ang website ng Seal of Biliteracy para sa higit pang detalye, gaya ng mga kredito sa kolehiyo na iginagawad para sa Selyo sa iba't ibang unibersidad. Maaari rin kayong magtanong sa punong-guro, mga tagapayo, o mga guro sa wika ng inyong high school tungkol sa programa ng Selyo.

www.isbe.net/multilingual

January 2026

Kahusayan sa Wikang Ingles

1. ACT na may pagsusulat
2. SAT na may sanaysay
3. AP Wika at Komposisyon
4. GPA ng Dual Credit
5. Mga pagsusulit sa wika na aprubado ng programa

Kahusayan sa LOTE

1. AP Wika at Kultura
2. Iba pang mga pagsusulit sa wika na aprubado ng programa
3. Alternatibong portpolyo ng ebidensya

Lahat ng kwalipikadong marka sa pagsusulit at mga isinumiteng portpolyo ay dapat mula sa ika-9–12 baitang na mga taong akademiko ng mag-aaral.

ILLINOIS STATE BOARD OF EDUCATION

Ang Illinois State Seal of Biliteracy

Gabay para sa mga Magulang

Bakit itinatag ng Illinois ang state seal of biliteracy?

- ✓ Upang hikayatin ang pag-aaral ng mga wika sa buong mundo.
- ✓ Upang opisyal na patunayan ang pagkamit ng biliteracy.
- ✓ Upang bigyan ang mga employer ng paraan ng pagtukoy sa mga taong multilingual.
- ✓ Upang magbigay sa mga unibersidad ng karagdagang paraan upang kilalanin ang mga aplikante na naghahangad ng pagpasok at pagkakalagay sa wika.
- ✓ Upang ihanda ang mga mag-aaral sa mga kasanayang pang-ika-21 siglo.
- ✓ Upang kilalanin ang kahalagahan ng pagtuturo gamit ang mga wika sa buong mundo at katutubong wika.
- ✓ Upang patibayin ang mga ugnayan sa pagitan ng mga grupo, kilalanin ang halaga ng pagkakaiba-iba, at parangalan ang maraming kultura at wika ng isang komunidad!

Ang Illinois State Seal of Biliteracy

Sanligan

Ang Illinois State Seal of Biliteracy (Selyo) ay isang parangal sa pagtatapos na maaaring igawad sa mga mag-aaral na nakamit ang mataas na antas ng kahusayan sa Ingles at sa kahit isang wika maliban sa Ingles (LOTE, language other than English). Ang Selyo ay opisyal na nakatala sa transcript ng mag-aaral at nakalimbag bilang isang grapiko sa kanilang diploma.

Ang parangal na ito ay inilaan para sa lahat ng magtatapos ng high school sa Illinois na makapagpapatunay ng kinakailangang antas ng kahusayan sa wika. Walang kinakailangang partikular na kurso o minimum na oras ng pag-upo sa klase. Ang parangal na ito ay sumisimbolo sa kakayahang makipagkomunikasyon sa Ingles at isang LOTE, kahit paano o kailan nakamit ang kahusayan sa Ingles o sa LOTE.

Ang bilingualism ay isang yaman na sumasalamin hindi lamang sa kahusayan sa wika kundi pati na rin sa kakayahang pangkultura. Ang mga kasanayang ito ay mahalaga para sa mga magtatapos sa ika-21 siglo. Ang Seal of Biliteracy ay pormal na kumikilala sa mga kalakasang ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga mag-aaral ng isang makabuluhang kredensyal. Ang pagpapatupad ng Seal of Biliteracy sa inyong paaralan o distrito ay nagpapakita ng isang pangako sa paghahanda at pagsuporta sa mga magtatapos na may pandaigdigang kakayahan. Hinihikayat din nito ang mga mag-aaral na magtagumpay sa mataas na antas sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng malinaw at kapaki-pakinabang na layunin. Isa sa mga pinakamahalagang salik sa matagumpay na programa ng Seal of Biliteracy ay ang paglinang ng kalagayan ng paaralan na nagpapahalaga at nagdiriwang ng pagkakaiba-iba sa wika at kultura.

Sa Illinois, ang 105 ILCS 5/2-3.159 ay nagtatakda ng dalawang karagdagang benepisyo sa pagkamit ng State Seal. Dapat kilalanin ng mga pampublikong institusyon ng mas mataas na edukasyon ang Selyo bilang katumbas ng dalawang taon ng kredito sa wikang banyaga sa high school at dapat ding magbigay ng kredito sa kolehiyo sa mga tatanggap nito. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang resources section sa website ng programa.

Tinatanggap ng Illinois ang iba't ibang pagsusulit sa kahusayan o mga opsyon sa portpolyo para maipakita ng mga mag-aaral ang kahusayan sa Ingles at iba pang wika. Ang mga aprubadong pagsusulit sa wika ay nakalista sa aming website. Makipag-ugnayan sa biliteracy@isbe.net para sa tulong.

Paano ko sisimulan ang isang programa? Ano ang mga inaasahan at takdang petsa kada taon? Paano namin pisikal na iginagawad ang selyo sa pagtatapos? Anong suporta ang mayroon para sa mga distrito, guro, at mag-aaral na naghahangad ng karangalang ito? Lahat ng tanong ay masasagot sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website.